



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 2 |
| | Guro: | | Asignatura: | **FILIPINO2** |
| | Petsa: | | Markahan/Linggo: | Q1-WEEK 4 |


| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW | IKALIMANG NA ARAW |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagbigkas at pag-aaral ng mga tunog at salita tungo sa papaunlad na kasanayang panggramatika, pag-unawa at pagsusuri ng tekstong naratibo at impormatibo na magiging daan sa pagbuo ng mga tambalang pangungusap at teksto tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. | | | | |
| **B. Pamantayang Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa pagbigkas ng mga salita, pagbasa ng mga pangungusap nang may kawastuhan, katatasan at tamang ekspresyon tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. Nagiging daan din ito sa pagbuo ng tekstong naratibo at impormatibo sa pagpapahayag ng ideya at karanasan gamit ang mga natutuhan sa gramatika. | | | | |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | Nagagamit ang mga salita na high frequency<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br><br>Nakasusulat ng mga letra at salita sa paraang kabit-kabit gamit ang mga natutuhang salita | Nagagamit ang mga salita na high frequency<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br><br>Natutukoy ang pangungusap at di-pangungusap<br><br>Nakasusulat ng mga letra at sallitasa paraang kabit-kabit gamit ang natutuhang salita | Nakikilala ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman<br><br>Nagagamit ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto | Nakikilala ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman<br><br>Nagagamit ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>Natutukoy ang pangungusap at di-pangungusap | |
| **D. Mga Layunin** | Pagkatapos ng aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at pamilya | Pagkatapos ng aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang<br>1. .Nagagamit ang mga salita na may tuon sa mga sitwasyong | Pagkatapos ng aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1.Nakikilala ang mga salitang nakatuon sa GMRC at MAKABANSA | Pagkatapos ng aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1.Nakikilala ang mga salitang nakatuon sa GMRC at | **2ND SUMMATIVE TEST** |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang naglalarawan<br><br>3. Naibibigay ang batayang elemento ng kuwentong pambata ayon sa tauhan, tagpuan, at pangyayari (banghay)<br><br>4. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari<br><br>5. Nakikilala ang katangian ng tauhan at tagpuan<br><br>6. Naisasaayos ang pagkakasunod-sunod ng apat hanggang limang pangyayari<br><br>7. Nakasusulat ng salita na nagsisimula sa letrang Bb sa paraang kabit-kabit gamit ang mga natutuhang salita | pantahanan at pansarili<br>2. Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang naglalarawan sa mga pangungusap at di pangungusap<br>8. Nakasusulat ng mga salita na nagsisimula sa sa letrang **Ee** sa paraang kabit-kabit gamit ang natutunang salita | 2.Nagagamit ang mga salitang nakatuon sa GMRC at MAKABANSA<br><br>3.Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang kilos<br>4.Naibibigay ang suliranin at solusyon ng pinakinggan o binasang kuwentong pambata<br>5.Nakasusulat ng mga letra at salita sa paraang kabit- kabit gamit ang mga natutuhang salita (Uu at Tt) | MAKABANSA<br>2.Nagagamit ang mga salitang nakatuon sa GMRC atMAKABANSA<br><br>3.Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang kilos<br><br>4.Natutukoy kung alin ang pangungusap at di-pangungusap<br><br>5.Nakasusulat ng mga letra at salita sa paraang kabit- kabit gamit ang mga natutuhang salita (Kk,Ll) | |
| **II.NILALAMAN/PAKSA** | Elemento ng tekstong naratibo at Pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari<br>Mga salitang naglalarawan | Suliranin at Solusyon<br>Kahulugan ng Salitang-Kilos | Mga salitang-kilos | Pangungusap at di-pangungusap | |
| **III. Lilinanging Pagpapahalaga<br>(Values to be Developed)** | | | | | |
| **IV.. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Mga Sanggunian | https://www.filipinohomeschooler.com/free-mga-kwentong- pambata/ | https://www.scribd.com/document/635520300/Ee | https://www.scribd.com/document/635520300/Ee | | |
| B. Iba pang Kagamitan | puzzle ng larawan ng pamilya, tsart | Larawan ng pamilya Tsart | Larawan, Flash cards, tsart at iba pa | Mahiwagang Kahon na may lamang larawan , lapis, kasoy, labanos, kalabaw, kabayo | |
| **V. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | | |
| **Panimulang Gawain** | Sabihin: Magandang araw sa inyo mga bata!<br><br>Gusto ba ninyong maglaro?<br><br>Hahatiin ko ang klase sa apat na pangkat. Bawat pangkat ay bibigyan ko ng *envelope* na naglalaman ng *puzzle* na inyong bubuuin. Paunahan kayo sa pagbuo nito (Gupitin ang larawan sa ibaba upang maging isang *puzzle*)<br><br><br><br>Pamprosesong tanong:<br>1.Sino-sino ang mga nasa larawan? | Sabihin: Kayong lahat ay bibigyan ko ng tig-iisang bilang. Kung sino ang tatawagin kong numero ay tatayo upang subukang tukuyin ang salitang naglalarawan sa pangungusap<br><br>Mga pangungusap:<br>1.Masarap ang maliit na ensaymadang niluto ng aking ina.<br>2.Matapos magsimba, kami ay nagtungo sa napakagandang Manila Zoo.<br>3.Suot ni ate ang kaniyang blusa samantalang berdeng damit naman kay kuya.<br>4.Suot ni tatay ang kaniyang bagong barong na damit.<br>5.Dala-dala naman ni kuya ang mababangong | Ipakita ang flashcards na nagpapakita ng larawan mga hayop. Tumawag ng bata at isakilos ang kanilang ginagawa.<br>• Kabayo<br>• kalabaw<br>• Unggoy.<br>• Usa | **Sabihin**: Magandang araw mga bata!<br>Mayroon akong mahiwagang kahon dito sa unahan.<br>Gusto ba ninyong malaman ang laman nito?<br>ta sa loob ng<br>ot<br>n<br><br>Tatawag ako ng mag-aaral na bubunot ng salita mula sa mahiwagang kahon. Mula sa mabubunot na salita ay gumawa kayo ng isang simpleng pangungusap o parirala. (Tulungan ang mag- aaral na gumamit ng salitang kilos sa pagbuo ng mga pangungusap)<br>Maaring sagot ng mga bata. | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2.Saan sila naroon?<br>3.Ano ang kanilang ginagagawa? | bulaklak.<br><br>Susing sagot:<br>1 maliit<br>2. napakaganda<br>3. berde<br>4. bago<br>5. mababango | | 1. Nakapulot ako ng lapis<br>2. Ang kasoy ay tinitinda niya.<br>3. Nagtanim ng labanos<br>4. Kumain ang kalabaw ng damo.<br>Pinastol niya ang kabayo. | |
| **Gawaing Paglalahad ng Layunin**<br>**ng Aralin** | Gawin:<br>A. Ngayon naman, isaayos ninyo ang mga larawan na aking ibibigay batay sa maaring pagkakasunod-sunod nito (ang mga larawan ay ukol sa pamilyang naghahanda sa pagsimba)<br><br>Pamprosesong tanong:<br>● Ano-anong mga salita ang maikakabit tuwing Araw ng Pagsimba?<br><br>Gabay sa Guro:<br>. 1.Mula sa mga ibibigay | Gawin:<br>A. Pasagutan sa mga bata ang inihandang gawain "word hunt"<br>q s w r t y<br>m e n x a t<br>q r b z a f<br>e m p a n a<br>w o v c s d<br>e n s a y m<br>Prosesong tanong:<br>1.Ano-ano ang m salitang nakita ninyo?<br>. 2.Ano-ano ang pagkakapareho ng mga salitang nahanap ninyo?<br>. 3. Ano ang tunog ng letrang Ee?<br>Susing sagot:<br>Susing sagot:<br>Ate<br>Berde | Gawin:<br>Ipakita ang larawan ng kabukiran<br><br>1. Ano ang nasa larawan?<br>2. Sino sa inyo ang nakapunta na sa kabukiran?<br>. 3. Ano-ano ang makikita rito? Ano ang ginagawa sa bukid?<br>4. Mahalaga ba na mayroon tayong kabukiran? Bakit<br>5. Paano natin aalagaan ang natitirang bukid sa ating bayan? | Gawin:<br>Pakinggan ang babasahin ng guro. Isulat sa sagutang papel ang P kung ito ay pangungusap at DP kung di pangungusap<br><br>_1. Ang kabayo ay tumakbo.<br>_2. kumain ang kalabaw<br>_3. Sinahog ang labanos sa sinigang.<br>--- 4. dinala ni Lita<br>----5.tinasahan ang lapis | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | na salita ng mag-aaral, piliin ang mga salitang may letrang Bb. (halimbawa: sim**b**a, **b**ahay, **b**ata, atbp<br>.<br>. 2..Pumili ng dalawa hanggang tatlong salita (mga salitang may letrang Bb) at isulat sa pisara sa paraang kabit-kabit.<br>.<br>. 3. Tumawag ng dalawa hanggang tatlong mag-aaral at turuan silang isulat ang mga ito sa pisara sa paraang kabit-kabit<br>4. Ipabasa sa klase ang sinulat ng mga mag- aaral | Sermon<br><br>Empa<br>nada<br><br>Ensay<br>mada<br><br>(Pagkatapos nito'y tulungan ang mga batang isulat ang mga salita sa paraang kabit-kabit. Maaari ring mag-isip ang mga bata ng mga salita na may tunog na **Ee** at ito'y ipasulat sa kanila sa pisara.) | | | |
| **Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin** | Gawin:<br>**A. Pagtambalin ang mga salita at mga larawan. Isulat ang titik na makikita sa Hanay B sa sagutang papel.**<br><br>**B.** | Gawin:<br>Tukuyin sa loob ng kahon ang kasingkahulugan ng mga salitang naglalarawan sa mga pangungusap na ginamit sa panimulang gawain. Gamitin | Gawin:<br>A. Pagtambalin ang mga salita at mga larawan. Isulat ang titik na makikita sa Hanay B sa sagutang papel.<br><br>**B. Hanapin sa loob ng kahon ang** | Gawin:<br>Hanapin sa Hanay B ang larawang tinutukoy sa Hanay<br>A. Isulat ang titik sa patlang. Isulat din sa inyong kuwaderno ang mga salitang nagsisimula sa titik Kk at Ll sa paraang kabit-kabit. (Tulungan ang mga mag-aaral sa pagsulat nito)<br> | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Hanapin sa loob ng kahon ang mga salitang maaaring ilarawan mula sa Gawain A. Tandaan hindi maaaring ulitin ang mga salita sa loob ng kahon.**<br><br>Bilog malaki maganda<br>gawa sa pinya simple<br><br>Mga susing sagot:<br>A.<br>1. c 4. e<br>2. A 5. d<br>3. b<br><br>B<br>1. Maganda<br>2. simple<br>3. gawa sa pinya<br>4. bilog<br>5. malaki | uyak b. maliit c.hindi luma<br>d. luntian e. magarbo<br>ang<br><br>__2.<br>__4.<br>sagot:<br>i<br>arbo<br>n<br>luma<br>alimuyak<br>katabing larawan sa bawat bilang upang maging gabay. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang<br><br>alakhak<br>Nagbigay-pugay<br>ryoso<br>Pagpupunla<br>tulong<br><br>using sagot:<br>4. b<br>5. e | **kahulugan ng mga salitang kilos mula sa gawain A. Tandaan hindi maaaring ulitin ang mga salita sa loob ng kahon.**<br><br>humalakhak<br>Nagbigay-pugay<br>seryoso<br>Pagpupunla<br>tumutulong<br><br>Mga susing sagot:<br>A.<br>1. c 4. b<br>2. d 5. e<br>3. a<br>B.<br>2. tumutulong<br>3. humalakhak<br>4. seryoso<br>5. pagpupunla<br>6. nagbigay-pugay<br><br>Matapos gawin ang gawain A at B, isulat sa paraang kabit- kabit ang mga salita mula sagawain A. | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | | |
| **Pagbasa sa Mahahalagang** | Basahin:<br>**Ang Aming Pamilya** | Basahin:<br>Ang mga salitang | Basahin: | Basahin:<br>Ang salitang kilos ay | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pag-unawa/Susing Ideya** | *(sinulat ni: Ingrid A. Palad)*<br><br>Ang aming pamilya ay masaya. Sama-sama kaming pumupunta sa simbahan tuwing Linggo. Suot ni tatay ang kaniyang bagong barong. Kipit ni nanay ang kaniyang *bag* na berde sa kaniyang braso. Suot naman ni ate ang kaniyang pulang blusa. Dala-dala naman ni kuya ang mga bulaklak na ilalagay sa altar. Taimtim kaming nagdarasal sa simbahan at nakikiisa sa misa. Nakikinig kami sa sermon ng pari at nakikisali sa pag-awit.<br>Pagkatapos ng misa, bumili si nanay ng limang empanada at tatlong ensaymada. Doon sa simbahan ay nakita ko rin sina lolo at lola. Iniabot sa akin ni lola ang eroplanong laruan at elisi. Nagpasalamat ako sa kanila.<br>Pagdating namin sa bahay, nagluto si nanay ng masarap na sinigang na bangus. Mayroon itong | pinahula ay halimbawa ng mga salitang naglalarawan. Ano ba ito?<br><br>Ang mga **salitang naglalarawan** ay mga salitang ikinakabit sa tao, bagay, hayop, pangyayari, lugar, kilos, at iba pa.<br><br>Ito ay dagdag na impormasyon upang mailarawan o matukoy ang isang bagay.<br><br>Halimbawa, anong uri ng papel ang iyong hawak? Anong kulay nito?<br><br>Maaari mong sabihing parihaba at puti. Dahil ditto ikakabit mo ang mga salitang ito sa unahan o ng salitang tinutukoy.<br>Hal:<br><u>parihaba</u> at <u>puting</u> papel<br>Maaari rin itong mailagay sa huling bahagi<br>Hal:<br>asong <u>itim</u><br>Paborito ko ang manggang <u>hilaw</u>. | **Ang Panalangin ni Lita**<br>*(sinulat ni: Ingrid A. Palad)*<br><br>"Sana'y umulan na upang madiligan ang aming mga pananim sa bukid," ang taimtim na panalangin ni Lita.<br>Nakatira sa bukid ang pamilya ni Lita. Pagtatanim ng mga gulay at prutas ang kanilang pangunahing ikinabubuhay. Katuwang dito ang alaga nilang kalabaw at kabayo. Tulong- tulong ang mag-anak sa pagpapalago ng kanilang mga pananim. Mayroon silang mga puno ng lansones, kasoy at kamias. Ipinagbibili rin nila ang mga ito kasama ang mga inaning gulay tulad ng kalabasa, upo, talong, at labanos.<br>Ngunit ilang buwan nang hindi umuulan sa kanilang lugar kaya apektado na ang kanilang kabuhayan. Natutuyo at naninilaw na ang kanilang mga pananim. Uhaw na uhaw na rin ang mga hayop sa bukid. Dahil dito, tanging ang pagbuhos nang malakas na ulan ang panalangin ng mga tao sa kanilang lugar.<br>Isang hapon, tila narinig ng Diyos ang kanilang dasal. Unti-unting dumidilim ang kalangitan, hudyat na | salitang nagsasaad o nagpapakita ng kilos o galaw na ginagamit sa pagsasalita sa mga kilalang tao, lugar, o pangyayari.<br><br>Halimbawa:<br>naglaba, nagluto, naglinis<br><br>Ang mga salitang ito ay isinasagawa ng isang tao. Ang mga salitang kilos din tulad ng lumundag, sinipa, at lumipad, ay maaaring iugnay sa ginagawa ng mga hayop.<br><br>Ibig sabihin, hindi lamang ang salitang kilos ay maaaring ikabit sa mga tao. Ito'y salitang may kaakibat na aksiyon.<br><br>Ipakita at ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pangungusap.<br>• Si Lita ay kumuha ng kalabasa.<br>• Ang labanos at kasoy ay dala ng | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pulang kamatis, berdeng dahon ng kangkong at puting-puting labanos. Tumutulong naman kay tatay sina ate at kuya sa pagpapakain ng aming dalawang alagang baka, sampung baboy, at dalawampung itik. Nang maluto na ang pagkain, tinulungan ko si nanay na ayusin ang aming hapag-kainan.<br>Pinangunahan ko ang pagdarasal bago kami kumain. Nagpasalamat kami sa lahat ng biyaya at pagmamahal ng Diyos sa araw-araw. Matapos nito, sabay-sabay kaming kumain sa inihandang pagkain ni Nanay. Naging panghimagas din namin ang mga buko at matatamis na bayabas. Sa huli, palaging pinapaalala nina tatay at nanay ang kahalagahan ng pagpapasalamat sa DIyos at<br>paghingi ng gabay sa araw-araw. | Ang mga salitang may salungguhit ay tinatawag na mga salitang naglalarawan | malapit nang umulan! Ilang sandali pa'y bumuhos na ang malakas na ulan. Nakita ni Lita ang pagngiti ng kaniyang tatay at nanay. Bumalik na rin ang sigla ng kanilang mga alagang hayop at halaman. Tuwang-tuwa ang mag-anak sa ulang pinagkaloob ng Diyos. Unti- unting bumalik ang sigla ng ani na siyang pinagkakakitaan ng kaniyang mga magulang. Dahil dito nabilhan si Lita ng kaniyang mga magulang ng iba't ibang kulay krayola, lapis pulang laso, at tsinelas na goma.<br>Tunay ngang nakatutulong ang panalagin sa bawat isa sa atin. Kaya, dapat lamang itong araw-arawin bilang pagpapakita ng pasasalamat at pagmamahal sa Diyos na may lalang. | kanyang lola.<br>• pinastol ang kalabaw<br>• Si Lita ay binigyan ng lapis ng kanyang nanay.<br>tumalon ang kabayo | |
| **Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan** | Itanong:<br>1. Sino-sino ang | Itanong:<br>1. Alin sa mga | Itanong:<br>1. Sino-sino ang mga | Itanong:<br>. 1. Ano- ano ang mga | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **sa Mahahalagang**<br>**Pag-unawa/Susing Ideya** | mga tauhan sa kuwentong napakinggan?<br>2. Saan nagtungo ang mag-anak noong araw ng linggo?<br>3. Ano kaya ang naramdaman ng pamilya matapos mgsimba at manalangin?<br>4. Kayo ba ay nananalangin araw- araw? Bakit?<br>5. Ano ang nararamdaman ninyo habang kayo ay nanalangin | binasang pangungusap kanina ang ang salitang naglalarawan?<br>2. Maari ba kayong magbigay ng salitang naglalarawan? Pumili ng paborito mong pagkain at ilarawan ito.<br>3. Ano ang salitang naglalarawan? | tauhan sa kuwentong napakinggan?<br>2. Saan nangyari ang kuwento?<br>3. Ano ang suliranin ng kanilang pamilya?<br>4. Paano nila nasolusyunan ang suliranin?<br>5. Kung kayo ang nasa kanilang kalagayan gagawin ba ninyo ang kanilang ginawa?<br>Ano-anong magagandang katangian ang masasalamin sa kuwentong nabasa? | salitang kilos sa bawat bilang?<br>n inalagaan pumili lumundag 2. 2.<br>agot:<br>umuha – pumili<br>lala – bitbit<br>inastol – inalagaan<br>inigyan – dinalhan<br>umalon - lumundag<br>Ibigay ang kahulugan ng mga salitang kilos sa bawat bilang. Hanapin sa loob ng kahon. | |
| **Pagpapalalim ng Kaalaman**<br>**at Kasanayan sa Mahahalagang**<br>**Pag-unawa/Susing Ideya** | Ipapagawa:<br>Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari mula sa kuwentong napakinggan. Isulat ang bilang 1- 5 sa kahon ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng pangyayari. Gamitin ang larawan bilang gabay.<br><br>☐ Taimtim kaming nagdarasal at nakikinig sa pari.<br>☐ Sabay-sabay kaming umuwi matapos magsimba.<br>☐ Sama-sama kaming | Ipapagawa:<br>Sa sagutang papel, ilagay ang salitang naglalarawan mula sa mga pangungusap at di pangungusap sa bawat bilang.<br>1. Malaking empanada<br>2. Ang nanay ay nagluto ng masarap na ensaymada.<br>3. eroplanong maliit<br>4. Mainit na pandesal ang dala ni tatay.<br>5. elepanteng malaki | Ipagawa:<br>Tukuyin ang naging suliranin ng binasang kuwento. Sa ibaba nito isulat din ang solusyon na kanilang ginawa. At sa huling kahon isulat ang naging resulta nito. (Maaaring gawin ito ng may kapareha) | Ipagawa:<br>Tukuyin kung Pangungusap o Di Pangungusap ang nakasulat sa bawat bilang. Isulat ang P kung pangungusap at DP kung di pangungusap.<br>_____1. Si Lita ay kumuha ng kalabasa.<br>_____2. Ang labanos at kasoy ay dala ng kanyang lola.<br>_____3. pinastol ang kalabaw<br>_____4. Si Lita ay binigyan ng lapis ng kanyang nanay. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | ______5. tumalon ang kabayo | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| **Paglalapat at Paglal** | an<br><br>sa aking natutuhan<br>v na ito nalaman<br>______________<br>______________<br>______________ | Ipagawa:<br><br>el. Iguhit<br>laruan. | Ipagawa<br>Iguhit sa isang malinis na papel ang maarin gawin bilang isang mag-aaral upang maiwasan ang mga pagbaha at sobrang tagtuyot sa inyong lugar.<br><br>Upang maiwasan ang pagbaha sa aming barangay nararapat na<br>______________________________<br>______________________________<br>dahil ito ay<br>______________________________<br>______________________________ | Ipagawa:<br>Bumuo ng 3 pangungusap tungkol sa inyong gingagawa sa loob ng simbahan tuwing kayoy ay nagsisimba. Isulat ito sa malinis na papel.<br>Salungguhitan ang mga salitang kilos sa binuong pangungusap | |
| **Pagtataya ng Natutuhan** | Ipabasa sa mga bata ang kuwentong Ang Aming Pamilya<br><br>Ipasagot sa mag-aaral ang sumusunod na tanong. Ilagay ang kasagutan sa papel.<br><br>Masaya kong Pamilya<br>Tuwing walang trabaho si Tatay, kami'y magkasama sa balkonahe upang | Basahin ang mga mga pangungusap. Tukuyin kung alin ang salitang naglalarawan at Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.<br><br>1. Ang batang si Ed ay madasalin.<br>a. madasalin<br>b. si Ed<br>c .ang bata<br>a. mabait | Sa sagutang papel kopyahin ang suliranin at mga solusyon matatagpuan sa bawat pangungusap. (Ilagay sa tsart)<br><br>1. Maraming namamatay na halaman dahil sa tagtuyot sa aming lugar.<br>2. Patuloy ang pagdadasal ng mga tao na umulan.<br>3. Naglinis ng mga kanal ang mga tao para maiwasan ang pagbaha.<br>4. Nauuhaw ang mga | Ipagawa:<br>A.<br>Ang kalabasa<br><br>Si tatay ay<br>anim ng labanos.<br>Ang nanay ay<br>langin araw-araw.<br>Ang kabayo at<br>aw<br>Si totoy ay bumili<br>endi sa tindahan.<br>Tukuyin kung ang mga salita o lipon ng mga salita ay | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | magbasa at magkuwentuhan. Tuwing umuuwi naman si nanay galing sa malayong lugar, kung saan siya nagtatrabaho, kami'y madalas pumupunta kina lola upang maglaro sa tabing-dagat. Minamasdan namin ang mga bangka't mga isda roon. Kumakain din kami ng mga isdang nahuli nina tito at tita.<br>Pag may trabaho si tatay at si nanay, sina lolo at lola ang aking kasama.<br>Kinukuwentuhan ako ng aking lola ng ibat-ibang kuwento gamit ang kaniyang aklat. Masaya kami lalo na pag dumarating ang aking mga pinsan upang duon din makitulog sa bahay ni lola.<br>1. Sino-sino ang tauhan sa kuwentong napakinggan?<br>a. ang pamilya<br>b. ang magkaibigan<br>c. ang magka pit-bahay | 2. Ang ensaymada ay malinamnam.<br>a. ensaymada<br>b. Ang ensaymada<br>c. malinamnam<br>d. mainit<br><br>3. Lima ang empanada sa mesa.<br>a. empanada<br>b. mesa<br>c. Lima<br>d. ang mesa<br><br>4. Ang elisi ay kulay asul. Alin ang salitang inilalarawan sa pangungusap?<br>a. Ang elisi<br>b. kulay<br>c. asul<br>d. berde<br><br>5. Ang elepante ay malaki.<br>Alin ang salitang naglalarawan sa pangungusap? | hayop.<br>5. Nagtanim kami ng mga puno at halaman.<br><br> | pangungusap o di pangungusap. Ilagay ang sagot sagutang papel. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | d. ang magkakalaro<br><br>2 Saan sila pumupunta kapag dumarating ang kaniyang nanay?<br>a . sa kabukiran<br>b. sa bahay ng lola<br>C sa tabing-dagat<br>e. sa plaza<br><br>3. Sino ang kaniyang kasama pag may trabaho ang kanyang nanay at tatay?<br>a. mga kaibigan<br>b. ate at kuya<br>c. tiyo at tiya<br>d. lolo at lola<br><br>4. Ano kaya ang damdamin ng pamilya kapag sila ay magkakasama<br>a. malungkot<br>b. masaya at masigla<br>c. galit | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | d. wala sa nabanggit<br><br>5. Iguhit ang iyong nadarama kapag kasama mo ang iyong pamilya. | | | | |
| **Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)** | Magbasa ng kuwento ukol sa pamilya. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong:<br>1. SIno ang mga tauhan sa kuwentong binasa<br>2. Saan naganap ang kuwento? | Isulat ang P kung pangungusap at DP kung di pangungusap ang mga lipon ng salita sa bawat bilang. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.<br>• Ang ensaymada<br>• Ang elepante ay malaki.<br>• Si nanay ay may dalang empanada.<br>• Binigyan ako ng elisi ni Ellie.<br>Laruang eroplano | Kopyahin kahulugan ng salitang kilos na may salungguhit. Hanapin ang sagot sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno.<br><br>___1. Ang bata ay n<u>analangin</u>. Taimtim niyang pinagdasal ang kanyang mga magulang.<br>___2. Ang mga bata ay <u>magtatanim</u> sa paaralan. Inuna nila ang pagbibinhi ng buto ng prutas sa kanilang tahanan.<br>___3. Nagpunta ang pamilya nila sa simbahan upang <u>manalangin</u>. Namimitagan sila sa mga biyayang kanilang natatanggap.<br>____4. Ang pagdidilig ay <u>nakakapagpalago</u> ng halaman. Yumayabong ito kapag ginagawa araw-araw.<br>___5. <u>Pagbebenta</u> ng gulay ang ikinabubuhay nila. Pinagbibili nila ang mga ito sa palengke. | Isulat sa sagutang papel ang salitang kilos sa bawat salita o pangungusap.<br>1. Ang bata ay tumakbo sa bukid.<br>2. Ang ate ko ay nagtatanim.<br>3. Si kuya ang nag- araro sa bukid.<br>4. Ang tatay ay nagdala ng kalabasa sa bayan.<br>5. Si nanay ay kumain ng kasoy | |
| **Mga Tala** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Repleksiyon** | | | | | |

**Inihanda ni:** **Nirebyu ni:** **Pinagtibay ni:**

**Guro** **Master Teacher / Head Teacher** **School Head**